



STEP TOGETHER

Para sa kompidensiyal na payo at suporta:

**Tumawag sa 1800 875 204**
**Bisitahin ang STEPTOGETHER.NSW.GOV.AU**

**Makipag-ugnayan**

- @steptogethernsw
- @StepTogetherNSW
- @steptogethernsw
- @steptogethernsw

NSW GOVERNMENT

**Ang maagang suporta ay maaaring makapigil sa mga tao na bumaling sa marahas na ekstremismo. Alamin kung paano.**

**Tumawag sa 1800 875 204** o bisitahin ang **STEPTOGETHER.NSW.GOV.AU**

Filipino

## Ano ang dapat matyagan

May napapansin ka bang mga pagbabago sa isang mahal sa buhay? Tila mas ayaw niyang makipag-usap sa ibang tao kaysa dati, nagpapalipas ng maraming oras mag-isa sa harap ng kompyuter, nagiging mas agresibo ang ikinikilos, o nagiging hindi gaanong mapagpasensya sa ibang tao sa komunidad.

Ito ang ilan sa mga palatandaan na baka kailangan ng tulong ang isang taong kakilala mo. Minsan kapag ang mga tao ay nakakaramdam na parang nag-iisa o hindi nauunawaan, naiisip nilang makatwiran ang maging kabilang sa mga grupong ekstremista na nagsasamantala sa kanilang mga kahinaan.

Ang mga grupong ito ay nagtataguyod, nagbibigay-katwiran at naghihikayat ng paggamit ng karahasan upang makamit ang kanilang sariling paniniwalang pampulitika, panlipunan, panrelihiyon o ideolohikal na pagbabago. Ang aming layunin ay protektahan ang mga tao na hindi maligaw ng landas.

## Ang iyong tungkulin ay napakahalaga

Ikaw ay nasa pinakamagandang posisyon upang alamin kung ang mga nasa paligid mo ay maaaring naliligaw ng landas. Tila napakasimpleng gawin ngunit kung minsan ang kailangan lang upang matulungan ang isang taong pinagmamalasakitan mo ay ang pakikinig sa kanya nang walang panghuhusga.
Sa pakikinig nang walang paghuhusga, matutulungan mong makaramdam ang isang tao na siya ay tinatanggap at kabilang, bago siya maghanap ng ugnayan sa mga grupong sumusuporta sa karahasan. Sa pamamagitan ng paglikha ng isang kapaligiran kung saan hinihikayat ang malayang talakayan at ang mga tao ay komportableng magpahayag ng kanilang mga naiisip, maaari mong isulong ang positibong ugnayan at ilihis ang isang tao mula sa mga panganib ng ekstremismo.



## Narito ang Step Together para tumulong

Ang Step Together ay isang helpline at digital na serbisyo ng suporta para sa mga taong humihingi ng payo kung paano dapat suportahan ang mga mahal sa buhay at pigilang masangkot sa marahas na ekstremismo. Sa isang ligtas at kumpidensyal na lugar, maaari kang gabayan ng mga kwalipikadong suportang manggagawa sa iyong pagtulong sa iba at iugnay ka sa naaangkop na mga serbisyo ng suporta sa inyong komunidad.

**Tumawag sa amin sa 1800 875 204**
**o bisitahin ang STEPTOGETHER.NSW.GOV.AU**